

1

Twenty years ago....

“Jun, ano ba talaga ang nangyari?” Dinig ng labindalawang taong gulang na si Sean Lee Tanjuatco III ang boses ng kanyang inang si Carlota.

Nasa library ito kasama ang kanyang ama at abuela. Ang hinala niya ay tungkol sa biglaang kamatayan ng kanyang lolo ang pinag-uusapan ng mga ito.

Galing si Sean sa chapel kung saan nakaburol ang kanyang abuelo. Napagpasyahan niyang umidlip at paakyat na sana sa kanyang silid nang marinig niya ang tinig nito pagdaan niya sa harap ng pinto ng library.

Alam niyang masamang manubok, pero hindi niya mapigilang makinig. Naguguluhan siya kung paanong ang tulad ng kanyang lolo na isang napakabait na tao ay walang-awang pinagbabaril. Gusto rin niyang maliwanagan. Sa kanyang batang isip, batid niyang may hindi magandang nangyayari.

Idinikit niya ang tainga sa pinto ng library upang marinig nang husto ang usapan.

Sa halip na sagot mula sa kanyang ama ay malakas na kalabog ang narinig ni Sean.

“Tama na ’yan, Jun,” awat ni Lola Amelita sa kanyang ama. Hula niya ay sinuntok nito ang dingding.

“Pagbabayaran ng Romulo Echavez na ’yan ang ginawa nila sa Papa!” narinig niyang sabi ng ama. May talim ang bawat salitang binitawan nito.

“Jun!” saway ng kanyang ina. “Huwag kang magsalita ng ganyan. Huwag mong palalain ang sitwasyon.”

“Huwag kang basta-basta na lamang mambibintang. Wala tayong sapat na ebidensya na sila nga ang nasa likod ng pagpatay sa papa ninyo,” pahayag ng kanyang lola. Base sa tinig nito, alam niyang umiiyak ito.

“It was meant for me, Mama. Tinulak ako ng Papa kaya siya ang tinamaan ng bala,” sagot ni Jun. “At sino pa ba ang gagawa n’un? Sino pa ba ang maghahangad na patayin ako?”

Si Sean Lee Tanjuatco, Jr. ang bagong hirang na mayor ng bayang iyon ng Salug, Zamboanga del Norte. Katulad ng ama, matulungin ito sa kapwa kaya walang kaaway. Or so they thought.

“Pero hindi pa rin tayo dapat mambintang,” paalala ni Lola Amelita. “Ang dapat nating isipin ay ang kapakanan ng mga bata.” Alam ni Sean na silang magkakapatid ang tinutukoy nito.

“My decision is final. Sa Amerika na nila ipagpapatuloy ang pag-aaral,” mariing saad ni Carlota.

“You know I can’t leave this place, Carlota,” sagot ni Jun.

“Hindi mo kailangang umalis. What I’m trying to say is that, mas makakabuti kung ilalayo natin sa gulo ang mga bata. Babalik kami sa bahay natin sa Maynila. Aayusin ko ang papeles nila, pagkatapos ay ihahatid ko sila sa Amerika. Sina Mommy na muna ang bahala sa kanila,” tukoy nito sa inang nasa Kentucky. “Hindi tayo nakakasiguro sa kaligtasan ng ating mga anak kung sa Maynila lang sila mamamalagi.”

“All right. Kung iyan ang gusto mo—”

Hindi na pinakinggan ni Sean ang iba pang sasabihin ng ama. Nagsisikip ang dibdib na tinakbo niya ang daan papalabas ng malaking bahay.

Naguguluhan ang murang isip niya. Hindi niya naiintindihan ang nangyayari. Sino ang Romulo

Echavez na binanggit ng kanyang ama? Totoo bang ang taong iyon ang pumatay sa lolo niya? Bakit gusto silang itago ng kanyang ina sa Amerika?

Tumakbo si Sean papasok sa malawak ng manggahan. Nagpaekis-ekis siya sa nagtatayugang mga puno ng manggang ruso. Hindi niya alam kung saan tutungo, ang gusto lang niya ay makalayo sa mansion—at mapag-isa.

Mula nang magkaisip siya, ang lugar na iyon na ang kinasanayan niya. At parang hindi niya kayang umalis na lamang doon nang basta-basta.

Bumungad sa kanyang paningin ang isang malawak na taniman ng gulay. Malungkot na pinasadahan niya ng tingin ang mga nakahilerang rubber trees.

Nawala na nga ang kanyang lolo, ngayon pati ang lugar na iyon ay ipagkakait din sa kanya.

Pinigil niyang mapaluha, muli siyang tumakbo. Hindi na niya alam kung saan siya nakarating. Hindi rin siya sigurado kung sakop pa ng lupain ng mga Tanjuatco ang lugar na naabot niya. Hindi pa niya napuntahan ang parteng iyon kahit kailan.

Napasuong si Sean sa nagtataasang mga damong ligaw. May naririnig siyang lagaslas ng tubig. Sinundan niya ang direksyong pinanggagalingan niyon. Ilang suong at hawi pa ang ginawa niya sa mga damong ligaw bago siya nakalabas. Tumambad sa kanyang paningin ang napakalinaw na lawa na napapayungan ng nagtatayugang mga puno ng narra.

He was amazed. Napakaganda ng lugar na iyon, parang paraiso. Kaagad na napalis ang mga hinanakit niya.

Walang-ingay na lumapit si Sean at saka pa lang niya napansin ang bukal kung saan nanggagaling ang dalisay na tubig. Ang dulo ng lawa ay nakadugtong sa isang maliit na ilog.

Parang may kung ilang libong diamante ang nakalutang sa ibabaw niyon. Kumikislap ang mga parteng natatamaan ng sikat ng araw.

Hindi na siya nagdalawang-isip pa. Dagli niyang hinubad ang lahat ng saplot sa katawan at tumalon sa nag-aanyayang tubig. Nanunuot sa kanyang katawan ang lamig na dulot niyon. Ilang minuto siyang nagpabalik-balik sa paglangoy.

“At sino’ng nagbigay-permiso sa ’yong maligo

dito sa buguac namin?” anang isang maliit na boses, eksaktong paglitaw ng ulo ni Sean mula sa tubig.

Inihilamos niya ang isang kamay sa mukha at matamang tiningnan ang nagsalita.

Ang bilugan, malalaki at mapupungay na mata ang unang nakakuha ng buo niyang atensyon. At iyon ang mga mata ng batang babae na nakatayo malapit sa lawa, sa tapat niya mismo. Maliit ito, payat, at marahil ay nasa lima hanggang anim na taong gulang. Maputi ang balat nito, lalo na sa suot nitong pulang bestida na may ruffles sa laylayan. Hanggang baywang ang mamula-mula at kulot na buhok nito. Natatalian iyon ng pulang laso.

Nakapamaywang ito habang hawak sa isang kamay ang isang malaking manika.

“Anong buguac?” Ikinampay-kampay ni Sean ang mga paa upang hindi lumubog sa tubig. Tanging ang leeg at ulo lamang niya ang nakalitaw.

“Iyang nilalanguyan mo ngayon. Iyan, ’yan, ’yan...” anito na kung anu-ano ang ipinagtuturo mula lawa hanggang sa punong-kahoy, bato at damong ligaw. “Kami ang may-ari ng lahat ng iyan. Kaya umalis ka na diyan ngayon din kung ayaw mong isumbong kita sa papa ko,” pagbabanta nito.

Sinupil niya ang ngiti. Naaaliw siya sa inasta ng batang babae. Lumangoy siya papalapit sa pampang at mabilis na umahon mula sa tubig. Hindi niya alintana ang kanyang hitsura.

“Bastos!” sigaw nito, mabilis na tinakpan ng hawak na manika ang mga mata.

“Ano’ng bastos sa ginawa ko?” nagtataakang tanong ni Sean.

“Ba’t ka nakahubo?” singhal nito.

“Sinabi mo umalis ako sa... ano nga’ng tawag n’yo diyan, luguac?”

“Buguac!” asik nito na muntik na niyang ikatawa nang malakas.

“Sinabi mong umalis ako d’yan kaya umalis ako. Ano’ng masama d’un?” pagtatanggol ni Sean sa sarili. Mabilis niyang isinuot ang mga damit. “Yan, tapos na akong magbihis. P’wede ka nang tumingin.”

“Sino ka?” tanong ng batang babae. Nakapamaywang pa rin ito. Napansin ni Sean na mas maganda ang mga mata ng bata sa malapitan. Kulay-hazel ang mga iyon.

“Ako si Spiderman,” pinigilan niyang mapahalakhak.

Kumunot ang noo ng kausap. Kumibot ang maninipis nitong labi. “Bakit iba suot mo?” mayamaya ay tanong nito.

“Pinalabhan ko pa ’yung costume ko kasi puro sapot na.”

Nanatiling nakatulis ang nguso ng bata. Hindi malaman ni Sean kung naniniwala ito sa kanyang mga sinabi o hindi.

“Sige nga, lumipad ka,” hamon nito.

“Hindi naman lumilipad si Spiderman. Naglalambitin lang ako sa sapot.”

“Eh, di maglambitin ka.”

“Wala nga akong powers ngayon, di ba? Kasi di ko suot ’yung costume ko,” katuwiran niya.

Umirap ito. Lalong sumingkit ang mga mata ni Sean nang mapangiti.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong niya na lumapit nang kaunti sa batang babae.

“Sweetheart!” Bago pa nasagot ng bata ang tanong niya, biglang sumulpot mula sa nagtataasang mga damong ligaw ang isang binatilyo. Mas malaki ito kaysa kay Sean. Malamang ay nasa labing-anim

hanggang labing-pitong taong gulang na ito.

“Kuya Paolo, si Spiderman, o!” excited nitong balita sa bagong dating, sabay turo kay Sean.

At naniwala, sa loob-loob niya habang pinipigilan ang sariling ngumiti.

Nabaling sa kanya ang atensyon ng binatilyong tinawag na ‘Paolo.’ Pagkuwan ay tinitigan siya, tila inaalala nito kung saan siya nakita.

“Isa kang Tanjuatco?” tanong nito sa kanya, nakatiim ang mga bagang.

“Opo, bakit po?” Nakakunot ang noo niya.

“Huwag na huwag ka na ulit magpapakita sa akin, kung di babasagin ko ’yang pagmumukha mo,” banta nito bago hinila sa kamay ang batang babae. “Halika na.”

“Kuya Paolo, aalis ba tayo?”

Hindi sumagot ang binatilyo habang patuloy pa rin sa ginagawang paghila sa batang babae palayo sa kanya. Sumabit ang buhok ng batang babae sa sanga ng isang maliit na punong-kahoy na nakaharang sa daraanan. Natanggal ang laso sa buhok nito at dahan-dahan iyong bumagsak sa lupa. Nilinga iyon ng batang babae, ngunit hindi na nito nagawang

balikan pa iyon dahil sa paghila ng kapatid.

Naiwan namang naguguluhan si Sean. Sino ang Paolo na iyon? Bakit ganoon na lamang ang galit nito sa kanya?

Wala sa loob na pinulot niya ang pulang laso na nakalatag sa lupa at ibinulsa iyon bago tinakbo ang daan papauwi.

“Saan tayo pupunta, Mama?” tanong ni Dana.

Lulan ng isang van ang buong pamilya niya.

“Sa Maynila. Doon na tayo titira.” Si Paolo ang sumagot sa tanong niya. Nang makita nito ang lungkot sa mukha niya ay inalo siya nito. “Hayaan mo, dadalaw tayo dito sa Salug nang madalas.”

“Kasalanan mo ang lahat ng ito, Romulo. Ano ba kasi’ng pumasok diyan sa kukote mo at naisipan mong gawin ang kagaguhang iyon?” galit na sumbat ni Sandra, ang ina ng dalawang bata.

“Puwede ba, Sandra? Hindi ito ang tamang oras para magsisihan!” singhal ni Romulo.

“Pa’no kung makahanap sila ng ebi—”

“Shut up, will you?” Tila kulog na dumagundong

Meant To Be Mine - Kristina Raphaela

ang tinig ng kanyang ama.

Natahimik ang ginang at walang-imik na ngumuyngoy.

Tahimik lang na nakamata ang anim na taong gulang na si Dana.

2

Lumingon ang batang babae, nagmamakaawa ang mga mata nito. Wari ay nakikiusap itong huwag siyang hayaang mailayo ng lalaking humihila rito— isang lalaking walang mukha.

Umihip ang malakas na hangin. Humaplos iyon sa balat ni Sean at nanunuot ang lamig na dala niyon sa kanyang kalamnan.

Kasabay ng pagkawala ng batang babae at ng kasama nitong lalaki ay ang paglipad ng pulang laso mula sa mamula-mula at kulot na buhok ng babae. Nanatili ang laso sa ere. Idinuduyan-duyan iyon ng hangin saka dahan-dahan bumagsak, palapit nang palapit kay Sean. Inilahad niya ang kamay, akmang sasaluhin iyon. He almost touched the soft fabric when he heard something strange. Maingay. Palakas nang palakas.

“Stop it!” he cried out. Tinakpan niyang mga kamay ang mga tainga. Idiniin pa niya lalo ang malalapad na palad ngunit parang walang nangyayayari. Hindi tumigil ang ingay, lalo lamang iyong lumakas.

Huli na nang mapansin niyang tuluyan nang

bumagsak ang pulang laso sa lupa. The moment it hit the ground, it suddenly vanished—katulad din ng nangyari sa batang babae at sa lalaking walang mukha.

“Tama na!” Muling umalingawngaw ang baritonong boses ni Sean.

Napabalikwas ng bangon si Sean. Gabutil ang pawis sa kanyang noo. Naghahabulan ang pintig ng kanyang puso. Napabaling siya sa alarm clock na nakapatong sa side table. Iyon ang pinanggagalingan ng ingay na humalo sa kanyang panaginip. He grabbed it at once and slammed the poor thing against the floor. Nagtalsikan ang maliliit na piraso niyon sa iba’t ibang direksyon.

Naihilamos ng binata ang mga kamay sa mukha. Mabilis na mabilis ang pintig ng puso niya. Nakakapagtakang basang-basa siya ng pawis gayung malakas ang air-con sa loob ng kanyang silid.

“Don’t be silly, man. Ano naman ang kinalaman ng bata sa panaginip mo sa hindi mo pag-aasawa?” Greg chuckled, bago nito tinungga ang scotch. Kasama ito ni Sean sa isang bar sa Makati.

Si Sean ang presidente at chief executive officer ng *Tanjuatco Group of Companies*. Nasa pulitika ang hilig ng kanyang Kuya Frank at sa London naman pumirmi ang kanyang Ate Carla mula nang makapag-asawa kaya sa kanya ipinamana ang pamamahala ng kanilang mga negosyo.

Parati siyang niyayaya ng kaibigan na lumabas at mag-gimmick dahil mukha na raw siyang mas matanda sa edad niyang thirty-two. Ayon dito, exaggerated na raw ang atensyon na ibinibigay niya sa trabaho.

Isa ang gabing ito sa ilang pagkakataon na napilitan siyang tanggapin ang paanyaya nito. Pinag-uusapan nila ang isang kabarkada na ikakasal na, hanggang sa napunta sa kanya ang topic nila.

“Greg, pare, I know it sounds stupid pero pakiramdam ko may kinalaman talaga siya kaya wala pa sa isip ko ang pag-aasawa. ‘Yung batang napapanaginipan ko palagi...” ...*she’s my soulmate*. Hindi na niya isinatinig iyon. Alam niyang lalo lang mawiwirduhan sa kanya ang kaibigan.

Greg laughed. Humalo iyon sa nakakabinging tugtugin na pumupuno sa bar. “Pare, corruption of minors ‘yun!”

Natawa na rin siya. “Loko-loko! Siyempre lumaki na rin ’yun ngayon.”

“Sabihin na nating lumaki na rin ’yung babae at dalaga na siya ngayon. Paano mo naman siya mahahanap, aber? Pa’no mo siya makikilala sakaling magkita man kayong uli?”

It’s her eyes. It’s been twenty long years, but I know makikilala ko siya the moment I see her eyes. Hindi na niya iyon nasabi. Sa halip ay nagkibit-balikat siya.

“You’re a hopeless case.” Napailing muli ang kaibigan niya habang inilalapag ang hawak na baso sa ibabaw ng bar. “Kumusta na nga pala kayo ni Rachelle? Ba’t di ko na siya nakikitang kasama mo?”

“Wala na kami. Matagal na,” simpleng sagot niya. May tatlong buwan na rin mula nang maghiwalay sila ng nobya na isang promising movie actress.

Hindi man lang nagpakita ng anumang bahid ng pagkagulat si Greg. “Anybody new?”

“Wala.” Again, a feeling of emptiness and frustration came over him. Naisip niya ang batang babae sa panaginip. *Kailan ko kaya siya makikita uli?* Nilagok niya ang natitirang inumin. “I’ve to go,” paalam niya.

“Maaga pa,” angal nito na sumulyap pa sa wristwatch nito. “It’s only twelve forty-five.”

“May kailangan akong i-close na business deal tomorrow morning.”

Napakamot ito sa ulo. “Masyado ka nang nagpapayaman, ah. May balak ka bang pantayan si Bill Gates?”

“Higit pa.” Tinapik niya sa balikat ang kaibigan. “I really have to go, pare. Enjoy the rest of the night.”

“You don’t know what you are missing, man,” sagot ni Greg na ang mga mata ay natuon sa kapapasok pa lamang na babaeng naka-micro miniskirt.

Natatawang tumalikod na si Sean.

“Kung umasta ka, akala mo kung sino kang mahihin!” Umalingawngaw ang boses ng lalaki sa parking area.

Napahinto si Sean sa gagawin sanang pagbubukas ng pinto sa kanyang silver *Ford Focus*. Nagpalinga-linga ang binata, wala naman siyang nakikitang ibang tao sa paligid.

“Bitawan mo ako!” anang boses ng isang babae.

“You’re trying my patience!”

“Let me go, you moron! Malalaman ’to ni Kuya!”

“Akala mo ba natatakot ako d’un sa inutil mong kapatid? Baka siya pa ang matakot sa akin.”

“Let me go!”

Dahan-dahang lumapit si Sean sa direksyong pinanggagalingan ng mga boses. Hahanapin niya sana iyon nang biglang maisip na baka simpleng lovers’ quarrel lang iyon. Hindi siya dapat makialam.

Akmang tatalikod na sana siya pabalik sa sasakyan nang muling sumigaw ang babae. “Help! Somebody help!”

Hindi na nagdalawang-isip pa ang binata. Sinuyod niya ng tingin ang buong parking area. Naalarma siya sa narinig na hiyaw.

Tumambad sa kanyang paningin ang isang babae at lalaki sa sa dulong bahagi ng parking area. The man was pushing the girl against the side of the car. Pilit nitong pinapaliguan ng halik ang mukha at leeg ng babae habang tila diring-diri namang umiilag ang huli.

“Are you trying to rape the poor girl?” malakas na sabi ni Sean para makuha ang atensyon ng dalawa. Sabay na napalingon sa gawi niya ang mga ito. Medyo madilim sa parteng iyon kaya hindi niya masyadong makita ang anyo ng dalawa.

“Go away, bastard!” bulyaw ng lalaki sa kanya. “Wag kang makialam dito!”

“You’re obviously forcing her.” Mababa ngunit nagbabadya ng panganib ang tono niya.

“Didn’t you hear me? I said, go away!” Sinugod siya ng suntok nito, pero mabilis niya iyong nailagan. Nawalan ito ng balanse at napasubsob sa sasakyang naka-park sa kanan niya.

Lasing, napailing na sabi ni Sean sa sarili.

Muling bumangon ang lalaki, subalit sa halip na siya ang harapin ay ang kasama nitong babae ang hinila palayo.

“What are you doing, you nincompoop!” protesta ng babae.

Hindi na nakatiis si Sean. Nasagad na ng lasing na lalaki ang kanyang pasensya. Mabilis ang mga hakbang na sinundan niya ang dalawa at sinugod ng suntok ang lalaki. Nabitiwan nito ang babae.

Bumaling ito sa kanya at lumaban ng suntukan. Natamaan siya sa kaliwang pisngi; hindi niya iyon ininda at kaagad nagpakawala ng suntok sa sikmura nito. Sumubsob ito sa sementadong daan. Kumaripas ng takbo ang lalaki patungo sa nakaparada nitong kotse nang makabangon.

Akmang tatalikod na sana ang babae nang tawagin niya ito.

“Hey, don’t you think I deserve a ‘thank you?’”

Parang walang narinig na nagtuluy-tuloy sa paglalakad ang babae. Nakasuot ito ng maikling denim skirt na tinernuhan ng itim na tube top. Balingkinitan ang pangangatawan at sa tantya ni Sean ay may taas itong mahigit sa limang talampakan.

Sinundan niya ang babae at mabilis na pinigilan ito sa braso. Kunot-noong lumingon ito sa kanya.

Nakasabog sa hugis-puso nitong mukha ang lampas-balikat nitong kulot na buhok. But what stunned him was the pair of familiar eyes that stared back at him, right into his soul—hazel-colored, big and round.

Napatda siya sa kinatatayuan. Hindi siya puwedeng magkamali! Iyon ang pares ng mga matang matagal na niyang inaasam-asam na muling

makita!

Sa tulong ng malamlam na ilaw mula sa poste sa di-kalayuan, napagmasdan ni Dana ang anyo ng tagapagligtas niya.

Singkit ang mga matang nakatitig ngayon sa kanya. Matangos ang ilong nito; maninipis ang labing bahagyang nakabuka.

She noticed kung paanong bumilis ang tibok ng puso niya nang magtama ang mga paningin nila.

Ipiniksi niya ang brasong hawak nito. “What?” asik niya, nakaarko ang isang kilay. Pantakip iyon sa kabang nararamdaman niya. Saan ba nanggaling ang kuryenteng naramdaman niya nang hawakan siya nito?

Tila noon lamang natauhan ang lalaki, mabilis nitong binitawan ang kanyang braso.

“Hindi ka man lang ba magpapasalamat sa akin?” anito sa tonong puno ng sarcasm. “Remember I saved you from that bastard.”

Guwapo nga, antipatiko naman, sa loob-loob niya.

“Well, thank you,” napilitang sabi ni Dana. Muli siyang tumalikod para lumayo.

Mabilis na umikot ang lalaki. Nasa harapan na niya ito bago pa man siya makahakbang. “P’wedeng lagyan mo ng konting sincerity?” Naka-plaster sa guwapong mukha nito ang isang nasusuyang ngiti.

Humugot muna ng isang malalim na hininga ang dalaga bago nagsalita, “Thank you. *With sincerity.*” Idiniin pa niya ang dalawang huling salita. Isang mapaklang tawa ang isinagot nito. “Puwede na ba akong umalis?”

“As you wish.” Tumabi ang lalaki at iminuwestra ang isang kamay para lalo siyang inisin.

Walang lingon-likod na nilampasan ito ni Dana. *Nakakainis!* aniya sa sarili. Tuluyan nang nasira ang gabi niya.

Hindi naman talaga siya naiinis sa lalaking tumulong sa kanya, nadamay lang ito sa galit niya kay Elton. Kung tutuusin ay guwapo ang estrangherong iyon. *Let me rephrase that, he’s not just handsome. He’s super handsome, a hunk!* she admitted to herself.

Tsinito ito ngunit moreno. Matikas ang katawan at matangkad. He had an air of authority and confidence in him and possessed a magnetic charm.

Meant To Be Mine - Kristina Raphaela

He had such an enigmatic personality that could make a woman swoon over him. Muntik na siyang mapaupo sa kalye kanina sa sobrang panghihina ng mga tuhod niya nang titigan siya nito.

Kahit parang nanlalambot pa siya, pinilit niyang itaas ang isang kamay para pumara ng taxi.

“My name’s Sean. What’s yours?” narinig niyang pahabol na sigaw ng lalaki.

“Alicia Silverstone!” aniyang hindi lumilingon bago mabilis na sumakay sa humintong taxi.

Dinampot ni Dana ang cellphone na nakapatong sa kanyang dresser at kaagad nagpipindot ng numero sa keypad.

Kagagaling lamang niya sa banyo. Nakaroba pa siya at nakabalot ng tuwalya ang buhok.

“Hello, Kuya Paolo,” aniya nang may sumagot sa kabilang linya.

“Hello, sweetheart. How are you?” sagot ni Paolo. Dahil sampung taon ang tanda nito sa kanya ay parang baby pa rin kung ituring siya nito kahit hanggang ngayon.

Dalawa na lang sila sa pamilya. Namatay sa bone cancer ang kanyang ama seven years ago, at namaalam na rin sa mundo ang ina niya sanhi ng heart attack dalawang taon na ang nakakalipas.

Ang kuya niya ang namamahala sa naiwang rubber manufacturing business nila sa Zamboanga, samantalang siya naman ay rito sa Maynila napirmi. Nasa Pasig ang office ng *Love, Hope And Charity*, ang foundation na binuo niya, kasama ang tatlo pang kaibigan.

Bagaman minsanan lang kung magkita sila ni Paolo, nananatili silang close sa isa't isa dahil madalas silang magtawagan.

"I'm fine." Dala-dala ang cellphone, umupo siya sa malambot na kama.

"I'm glad," anito. "Mayroon kabang importanteng gagawin na naka-schedule next week?"

"Uh-huh. Don't you dare tell me na may ipapadate ka na naman sa akin. I'm telling you now, hindi kita pagbibigyan," aniya habang nilalaro ang ilang hibla ng buhok na kumawala mula sa tuwalya.

Her brother sighed. "I'm really sorry sa ginawa ni Elton. Mabait naman 'yun. Baka misunderstanding lang 'yung nangyari sa inyo."

Napasimangot siya. “It’s not a simple misunderstanding! Bastos talaga ang walanghiyang ’yun!”

“Okay, okay. If you say so.”

“Bakit ba kasi kung kani-kanino mo ako inirereto? I’m only twenty-six, Kuya, marami pa akong gustong gawin at wala pa ’kong planong mag-asawa. Ikaw ’tong dapat nag-iisip ng pag-settle down, hindi ako!”

“Yeah, I know. Hindi ko naman sinabing mag-asawa ka kaagad. Ayoko lang siyempreng mapunta ka na lang sa kung sinu-sino d’yan. Gusto ko lang masiguro ang kinabukasan mo.”

Mahinang tawa ang isinukli ni Dana. “Don’t be silly, Kuya Paolo. I don’t need any wealthy man para magbuhay-reyna.”

Kung gugustuhin niya, puwede naman talagang magbuhay-reyna siya kahit ngayon din. Their family was well-off. Iniwan sa kanila ng mga magulang ang mga lupain nila sa Mindanao, bukod pa sa ilang negosyo nila.

“Mas mabuti na rin ’yung nakakasiguro,” anito. Umismid lamang ang dalaga. Mayamaya ay nagpatuloy ito, “Uwi ka muna dito sa Salug, Dana.”

Kumunot ang kanyang noo. “Why?”

“For moral support.”

Nagtaka siya. “Moral support for what?”

“I want you to be here during the campaign period.”

“You mean, you’re...?”

“Yes, I’m running for mayor. Please be here.”
May halong pagmamakaawa ang boses ng kapatid.
Alam kasi nito ang pag-ayaw niya sa larangang iyon.

Mula nang matalo sa pagka-mayor ang kanyang amang si Romulo at madawit ito sa pag-ambush sa ama ng kalaban nitong kandidato na nahirang na mayor, itinakwil na niya ang ideya ng pagsabak sa magulo at maruming pulitika. Hindi niya akalain na magkaiba pala sila ng pananaw ng kaisa-isang kapatid. Mukhang nasa dugo pa rin nito ang pagiging politician.

“I’ll try,” matabang na sagot niya.

“Aasahan kita. Sige na, ’bye, sweetheart. Take care of yourself.”

“You, too. ’Bye, Kuya.” Gustuhin man niyang salungatin ang desisyon ng kapatid, hindi niya

magawa.

Marahil ay pagod na itong pamahalaan ang kanilang mga negosyo at gusto namang sundin ang tunay nitong hilig.

She sighed harshly.

Kung mayroon man siyang ikinatutuwa sa sinabi ng kapatid, iyon ay ang ideya ng pagbabalik niya sa bayan ng Salug. Doon siya ipinanganak at nagkaisip. Mula noong nilisan nila ang lugar na iyon noong six years old pa lang siya ay di na siya muling nakaapak pa roon. Tanging ang Kuya Paolo lamang niya ang pabalik-balik sa probinsya, hanggang sa roon na nga ito namalagi.

3

Sumalubong kay Sean ang nakatatandang kapatid na si Carla pagkababang-pagkababa niya sa *Toyota Innova* na sumundo sa kanya sa airport ng Dipolog City.

Nauna ito sa kanya nang ilang araw sa pagtungo roon.

“Kung hindi pa death anniversary ni Lola Amelita ay hindi ka pa mag-aabalang dalawin ang Salug,” bungad nito matapos siyang salubungin ng mahigpit na yakap.

Kahit sa London na ito nakatira, mas madalas pa itong dumalaw sa lugar na iyon kaysa sa kanya.

“Alam mo namang hindi ko basta-basta puwedeng iwan ang *TGC*,” dahilan niya. “Nasaan sila?” tukoy niya sa mga magulang at kapatid na si Frank na roon na nananatili.

“Nasa loob silang lahat.”

Inakbayan niya ang kapatid at magkasabay silang pumasok sa loob ng malaking bahay.

“Ayoko na nga sanang may sasabak pa sa pulitika na kahit na sino sa inyo pero matigas talaga ang ulo ng kapatid mong ’yan,” saad ng inang si Carlota na ang tinutukoy ang kanyang Kuya Frank. Nasa hapag-kainan ang buong mag-anak nang gabing iyon.

“Magtatalo na naman ba tayo tungkol d’yan, Ma?” ani Frank.

“Hayaan n’yo na,” sabat ng kanilang amang si Jun. “Nagmana siya sa akin ng pagiging mapagmahal sa kapwa.”

“Kinukunsinti mo pa,” nakalabing sambit ng kanilang ina.

“Hulaan mo kung sino’ng makakalaban niya,” bulong ni Carla kay Sean.

Nagkibit-balikat siya. “I don’t have any idea.”

“Si Paolo Echavez.”

“Yung nakalaban ni Papa dati?” kunot-noong tanong niya.

“Hindi, ’yung anak n’un.”

“Anak ng pumatay kay Lolo,” derechang sabi ni Frank. Nakikinig pala ito sa bulungan nila ng ate niya.

“Hindi man lang niya napagbayaran ang ginawa sa Lolo,” naiiling na sabi ni Sean.

Wala silang mailabas na sapat na katibayan para mapatunayang si Romulo Echavez nga ang utak sa pagpatay sa kanyang abuelo. Tumagal nang tumagal ang paglilitis hanggang sa wala na ngang nangyari roon at nauna pang namatay ang suspect bago nahatulan ng korte.

“Napagbayaran na niya iyon,” ani Carlota. “Sa narinig ko, ilang taon siyang pinahirapan ng cancer bago siya namatay.”

“Huwag na sanang maulit ang ganoong pangyayari,” ani Sean na ikinatahimik ng lahat.

Ipinarada ni Sean ang *Toyota Innova* ilang metro mula sa bukana ng buguac. Napagpasyahan niyang puntahan ang lawa nang hindi siya dalawin ng antok.

Nakarating siya sa lawa nang walang nililikhang ingay. Maliwanag ang paligid dahil nasa kabilugan ang buwan noon.

Buguac. Iyon ang tawag ng lahat ng taga-roon sa lawang iyon. Hango iyon sa salitang ‘bulwak,’

dahil bumubulwak ang tubig doon mula sa isang bukal sa gilid.

Para sa binata, ang buguac ay maituturing niyang paraiso... kanyang paraiso.

Nang malaman niyang nabili na ng mga magulang ang lugar na iyon, hindi na siya nag-aksaya ng panahon. Kaagad niyang ipina-develop ang buong lugar at nagpatayo ng cottage sa tabi ng lawa. Kahit madalas siyang nasa Maynila ay di niya nakakaligtaang maglaan ng pondo para sa pagmimintina niyon.

Kinapa niya sa bulsa ang susi sa maliit na cottage na ipinatayo niya sa gilid ng lawa. Nakakailang hakbang pa lamang siya patungo sa direksyon ng cottage nang may mapansin siya sa di-kalayuan.

Sa unang tingin ay para lamang iyong mga basura ngunit nang lapitan niya ay nalaman niyang damit ang mga iyon—isang t-shirt at maliit na maong shorts.

Kumunot ang noo niya. *Kanino 'to?* nagtataakang tanong niya sa sarili.

At bilang tugon, lumitaw ang isang babae sa gitna ng lawa na labis na ikinagulat ni Sean.

Sa tulong ng liwanag ng buwan ay nakilala niya kung sino ang pangahas na bisita. He couldn't believe what he saw.

“And who gave you the right to swim here?”

Nagulat sa narinig na boses, nawalan ng balanse si Dana habang nagpo-float sa ibabaw ng tubig. Lumubog siya.

Paano nagkaroon ng ibang tao roon? Ang buong akala niya ay nag-iisa lamang siya sa lawang iyon.

Lumitaw siya. Inihilamos niya sa mukha ang isang kamay. Pagkatapos ay hinagilap niya ang pinagmulan ng boses. Isang lalaki ang nakatayo sa pampang di-kalayuan sa kanya. Medyo madilim sa bahaging kinatatayuan nito kaya hindi niya masyadong nakikita ang mukha nito.

“I said, who gave you the right to swim here? You are trespassing,” sabi muli ng lalaki. Sa pagkakataong iyon ay lumapit na ito sa gilid ng lawa at natamaan ng liwanag ng buwan ang mukha nito.

Pamilyar sa kanya ang tinig na iyon, maging ang bulito at tikas nito, pero hindi niya maalala kung saan iyon unang nakita.

“I need not to ask permission from anybody,” matapang na tugon ni Dana, bagaman medyo kinakabahan. This was her sanctuary, wala itong karapatang tawagin siyang trespasser. “And who are you?”

Nakita niyang hinubad ng lalaki ang kamiseta at shorts nito at biglang tumalon sa lawa. Before she knew it, lumalangoy na ito patungo sa kanyang direksyon.

She should leave the place at once, dapat ay matakot siya sa di-nakikilalang lalaki. Pero hindi niya alam kung bakit ni hindi man lang siya nagtangkang lumayo nang makitang lumapit ito.

“What are you doing?” naibulalas ni Dana nang biglang lumitaw sa kanyang harapan ang lalaki.

“Swimming,” nakangising tugon nito. “Hello, Alicia Silverstone.”

“Ikaw!” Kumabog kaagad ang dibdib niya nang mapagsino ito, ang lalaki sa parking lot!

“Yeah, it’s me.” His pearly white teeth shone in the dark.

She blinked her eyes. *Goodness! He’s so handsome...* Pinilit niyang patatagin ang tinig.

“Bilib din naman ako sa 'yo. Pa'no mo 'ko nasundan hanggang dito sa Mindanao?”

Isang tawa ang isinukli ni Sean. “Ikaw? Sinundan ko? Sorry to disappoint you, my dear, pero hindi kita sinusundan.”

“Liar.” Pinilit niyang pagtakpan ang bahagyang pagkapahiya.

“Taga-rito ako. In fact, I own this place.” Muli itong ngumisi.

“Shut up!” Umirap siya rito. Balak na sana niyang iwan ito, pero humarang ito sa harap niya.

“What's your name? Ba't ba bigla-bigla ka na lang sumusulpot?” tanong nito, staring hard at her face.

“Atakopangayonangbigla-biglangsumusulpot?” di-makapaniwalang turan niya. She swallowed, may kakaibang epekto sa kanya ang mga titig nito. “And why should I tell you my name?”

“You have to tell me your name, darling... because I believe you are meant to be mine.”

Bago pa siya nakahuma ay nahaklit na ng binata ang kanyang batok at ginawaran siya ng mariing halik sa labi. Hindi ito nakontento sa simpleng pagdampi

lamang sa kanyang bibig. Naging mapusok ang mga labi nito—marahas at mapaghanap.

Nagtangkang manlaban si Dana ngunit lalo lamang siyang nasasaktan. Parang bato ang katawan ng lalaki na di niya matinag-tinag.

Sa kabila ng katotohanang hindi niya kilala ang lalaking humahalik sa kanya, nakaramdam siya ng kakaibang sensasyon. She had been kissed before. But never like this.

May kung anong lumukob sa buo niyang katauhan. Everything felt right... like she was where she really belonged—in his arms.

Naramdaman niya ang unti-unting pagbabago ng paraan ng paghalik ng lalaki, hindi na ito marahas gaya noong una. Tila nahipnotismong nagsimula siyang tugunin ang halik nito. Wala sa sariling ikinawit niya ang mga braso sa leeg ng estranghero.

Imbitasyon para rito ang ginawa niya; lalo lamang lumalim ang halik ni Sean. Naging napakaimposible para kay Dana na hindi iyon tugunin. Naramdaman niya ang pagnanais ng dila nito na makapasok sa loob ng bibig niya at bilang tugon, kusa niyang ibinuka iyon. His probing tongue began exploring the sweetness of her mouth. He began sucking

her tongue at napaungol ang dalaga sa kakaibang sensasyong hatid niyon.

Naramdaman niya ang paggalaw ng mga kamay ng lalaki sa ilalim ng tubig. His palms began exploring her almost naked body. Naramdaman niyang naililis na nito paitaas ang kanyang bra. He then began cupping and caressing her full breasts. She moaned in pleasure.

“Adrianna!” Umalingawngaw ang boses ng isang babae. It pierced through the silence of the night.

Parang nagising mula sa pagkakahimbing, marahas na inilayo ni Dana ang sarili sa lalaki. Kapwa habol pa nila ang paghinga.

Sa isang iglap ay nakaahon siya mula sa lawa at mabilis na naisuot ang nakalatag na damit at tumakbong palayo na tila hinahabol ng kung ilang demonyo.

“Ano ka ba namang bata ka? Kung s’an-s’an ka nagpupunta,” ani Pacing kay Dana. Maliliit pa lang sila ni Paolo ay ito na ang nag-alaga sa kanilang magkapatid. Itinuring na niya itong ikalawang ina. “Kanina ka pa ipinahahanap ng Kuya Paolo mo.”

“Dito lang naman ako nagpunta,” sagot niya. Sa loob-loob niya ay napahinga siya nang malalim. Kung nagkataong hindi niya narinig ang pagtawag ng matanda at nakarating ito sa lawa ay baka kung ano pa ang nakita nito.

Binabaybay nila ang daan patungo sa backdoor ng mansion nila.

“At bakit naligo ka sa buguac? Hindi mo ba alam na delikado ang ginawa mo? Iba na ang may-ari ng bahaging iyon ng lupain n’yo. Mabuti na lang at di ka naabutan ng isa sa mga Tanjuatco doon, kung di lagot ka,” dagdag ng matandang katulong nang marating nila ang silid niya.

Napahinto si Dana sa paghahanap ng pamalit na damit.

Hindi na kanila ang buguac? Pero kailan pa? At isang Tanjuatco ang nagmamay-ari niyon ngayon....

Nanlaki ang mga mata niya. Ibig sabihin ay isang Tanjuatco ang lalaking kasama niya kanina! At nagsasabi rin ito ng totoo nang sabihin nitong pag-aari nito ang lawa.

Bakit hindi man lang nabanggit sa kanya ni Paolo ang tungkol doon?

“Mabanlaw ka na at magbihis agad,” bilin ni Pacing pagkaabot ng tuwalya sa kanya.

“Nang Pacing?” tawag niya bago pa ito makalabas ng silid.

“Bakit?” Lumingon ito sa kanya.

“Kilala n’yo po ba ang mga apo ng matandang Tanjuatco?”

“Oo naman, sino ba ang hindi nakakakilala sa kanila?” maagap na sagot ng matandang babae. “Si Frank ’yung panganay. Siya ang kalaban ng Kuya Paolo mo ngayong darating na eleksyon. ‘Tapos si Carla, ’yung nag-iisang babae at ’yung bunso, si Sean—Sean Lee Tanjuatco III. Dinig ko nandito daw siya ngayon. Bihirang umuwi iyon rito sa atin dahil siya ang namamahala sa mga negosyo nila sa Maynila. Bakit mo ba naitanong?”

Hindi kumibo si Dana. May naalala siya.

“*My name’s Sean. What’s yours?*” Iyon ang isinigaw nito noong una silang magkita sa parking area.

Pabiling-biling si Dana sa higaan; ayaw siyang dalawin ng antok. Maraming mga bagay ang

gumugulo sa kanyang isipan.

Una na ang nangyari sa lawa. Bakit nga ba siya pumayag na magpahalik sa isang taong ni hindi niya kilala? At bakit parang wala siyang makapang pagsisisi sa dibdib sa ginawa? Tila may hatid pa iyong kakaibang kiliti sa kanyang damdamin.

Bakit ba sa lalaking iyon pa niya naramdaman ang ganoon? *Isa siyang Tanjuatco!* sigaw ng kanyang isip.

Ang hidwaan sa pagitan ng kanilang mga pamilya ay matagal nang alam ni Dana. Noong musmos pa lang sila ni Paolo, iyon na ang isinisiksik ng kanilang ama sa murang isipan nilang magkapatid.

Ngunit bago mamatay ang kanyang ama seven years ago, ipinagtapat nito sa kanila na ito pala talaga ang mastermind sa pagkamatay ni Sean Lee Tanjuatco, Sr.

Mula sa muhi, naging guilt at hiya ang naramdaman niya para sa pamilya Tanjuatco. Isang kriminal ang kanyang ama at hindi man lang nito napagdusahan ang ginawa.

At si Sean ay apo ng napatay nito. Ano ba ang dapat niyang maramdaman? Alam din kaya ng binata ang katotohanang iyon? Hindi kaya gumaganti lang

Meant To Be Mine - Kristina Raphaela

ito sa nagawa ng kanyang ama sa pamilya nito kaya siya hinalikan? Sinasadya kaya talaga nitong akitin siya at balak na paluhain pagkatapos?

Isa pang bagay na gumugulo sa kanyang isipan ay kung bakit inilihim sa kanya ni Paolo ang pagkabenta ng ilang bahagi ng kanilang lupain. Importante para sa kanilang pamilya ang pag-aari nilang iyon dahil dugo at pawis ang ipinuhunan ng kanilang ama para mabili iyon. Pero bakit kinailangan iyong ibenta? Naghihirap na ba sila?

Walang mahagilap si Dana ni isang kasagutan sa lahat ng kanyang mga katanungan.

4

“I want you to take care of everything hangga’t wala ako diyan. Pag nagkaproblema, you know how to reach me.”

Ini-off ni Sean ang cellphone. Ang mga mata niya ay nakatutok sa screen ng laptop.

Nasa sala siya ng malaking bahay nila. Pangatlong araw na niya sa Salug, pero wala pa siyang balak na bumalik ng Maynila.

“Sino ’yung kausap mo?” untag ni Carla. Kabababa lamang nito mula sa silid nito.

“Si Betty, executive assistant ko,” sagot niyang saglit na sumulyap dito at itinutok muli ang mga mata sa computer.

Umupo ang kapatid sa kaharap niyang upuan at nagbuklat ng isang magazine.

“Akala ko ba babalik ka kaagad sa Manila?”

“I changed my mind,” tipid na sagot niya, hindi lumilingon.

“Di ba hindi ka p’wedeng mawala d’un nang

matagal?”

“Kaya na ni Betty ’yun. Anyway, pag nagkaproblema, ilang oras lang naman ang biyahe at nasa Manila na ako.” He glanced at his sister while sipping his coffee. Hinagip naman ng isang kamay niya ang mga papeles na ni-fax ng kanyang sekretarya. “How about you, Ate? Kelan ang balik mo sa London?”

“Maybe right after the elections. Tumawag na nga si Andrew, nami-miss na raw ako ng mga bata. Di ko naman maiwan si Kuya Frank. Kailangan niya ng suporta natin,” paliwanag nito na ang tinutukoy ay ang asawang British at ang dalawang babaeng anak.

“Yeah, I know. That’s also the reason why I’m staying.”

Liar! tudyo ng isip ni Sean. *Si Adrianna talaga ang dahilan kung bakit ayaw mo pang umuwi ng Maynila.*

Adrianna. Adrianna. Adrianna. Tila sirang plakang naririnig pa niya sa isip ang pangalan ng dalaga. Iyon ang pangalang isinigaw ng sumundo rito na hindi na niya nakita kung sino.

Nang nakaraang gabi ay napuyat siya. Thoughts

of Adrianna tortured his mind. Malaking katanungan para sa kanya kung sino ba talaga ang babaeng iyon. At kung bakit narito rin ito sa Salug.

Taun-taon mula noong makita niya ang batang Adrianna sa buguac, nagpabalik-balik siya roon, wishing he would see her there again. Hanggang sa nabili na ng kanyang pamilya ang lugar na iyon. After so many years of waiting, and just when he already gave up all his hopes, saka naman ito nagpakita uli.

For Sean, the woman was a challenge. Ito lang ang babaeng nakilala niya na tila hindi naapektuhan ng kanyang charm. Muntik na nga niyang pagdudahan ang sarili nang ni hindi man lang nito ibinigay sa kanya ang pangalan noong sagipin niya ang dalaga mula sa maniac nitong date.

He never expected to see her here in Salug. He must have done something good kaya mukhang mabait sa kanya ang kapalaran ngayon.

He smiled to himself. Hindi nagkomento si Carla kahit napansin ang ginawi niya.

“Francisco Tanjuatco po, for mayor. Huwag po sana tayong makakalimot.” Kinamayan ni Sean ang isang babaeng nagtitinda ng gulay sa palengke.

Mahigit cincuenta años na ito, hula niya. Pagkatapos nilang mag-lunch ay sinimulan na ng partido ng kuya niya ang pangangampanya.

“Ay, oo naman. Kanino pa ba tayo, eh kilala naming mabait ’yang si Dodong Frank,” magiliw na sagot ng matanda sa wikang Bisaya.

“Salamat po, Manang.” Natutuwa siya sa mainit na pagtanggap sa kanya ng mga taga-Salug kahit miminsan lang siyang dumalaw roon.

Kasama niya sa paglilibot sa buong Salug ang halos buong pamilya Tanjuatco—ang papa niya, si Frank, ang asawa at mga anak nito, si Carla, at humigit-kumulang sa limampu kataong nagboluntaryong sumama sa kanilang paglilibot.

Mula sa kabilang panig ng palengke ay dumating bigla ang kampo ni Paolo Echavez. Halos kasindami rin ng mga taga-suporta nila ang mga taong kasama nito. Nahinto ang lahat nang makita ang mga paparating.

Natigilan din si Paolo nang makita sila. Kaagad itong nakilala ni Sean dahil namumukod-tangi ito sa mga kasamahang mga simpleng mamamayan ng Salug.

Ngunit ang ikinagulat niya nang husto ay nang

makilala ang babaeng nasa tabi ng binatang Echavez. Ano ang ginagawa ni Adrianna roon? Nobya ba ito ni Paolo?

Hindi niya alam kung bakit bigla ay may nakapangiyang paghihimagsik sa dibdib sa isiping iyon.

“Ate Cristina,” pasimpleng bulong ni Sean sa asawa ng kanyang Kuya Frank na noon ay nasa tabi lamang niya. “Sino po’yung babaeng katabi ni Paolo?”

Nilingon nito ang itinuro niya. “Ah, si Adrianna, nag-iisang kapatid ni Paolo. Magandang bata, ano? May dugong Spanish kasi ang mga iyan.”

Muli niyang ibinaling ang paningin sa direksyon ni Adrianna. Nakasuot ito ng hapit na maong na tinernuhan ng puting t-shirt na may larawan ng kapatid sa harapan at may nakasulat na ‘*Paolo Echavez, Ang Inyong Pagla-um*’ sa ibaba. Nakasabog sa mukha nito ang buhok na may malalaking kulot na nagbigay rito ng mas kaakit-akit na dating. Suddenly, he realized how much he missed her. There was a strong urge in him to run toward her and kiss her hard.

Hinagilap ni Sean ang pagkamangha sa mukha ni Adrianna ngunit wala siyang makita. Para bang

inaasahan na nitong makita siya sa kampo ni Frank. Matagal na ba nitong alam na isa siyang Tanjuatco?

Naalala niya ang unang pagkikita nila sa buguac noong mga bata pa sila. At ang pagtawag nitong 'Kuya Paolo' sa binatilyong sumundo rito.

Everything became clearer now. Bakit nga ba hindi niya napagtagpi-tagpi kaagad ang mga pangyayari?

Nilampasan ng kampo ni Dana ang mga Tanjuatco. Nagkunwari siyang walang nakita nang dumaan siya sa mismong harapan ni Sean. He looked so appealing, even in his maong pants and shirt. His piercing eyes reminded her of the passionate kisses they shared last night.

Nakita niya mula sa gilid ng kanyang mga mata na sinundan siya ng tingin ng binata, di nito inaalintana ang mga matang nakapaligid sa kanila. Nag-iinit ang mga pisnging hindi niya ininda ang pagkaasiwa.

Ipinagpatuloy ng dalaga ang pagbati, pamamahagi ng mga flyers at pakikipagkamay sa lahat ng mga nadadaan kahit ang totoo ay gustung-gusto na niyang umuwi. Napapagod na

siya. Pakiramdam din niya ay nangangamoy-isda na siya. Hindi lang niya talaga mahindian ang kapatid na samahan ito. Isa pa, siya lang ang maaari nitong asahan.

Kamuntik na siyang mapatili nang mula sa kung saan ay may biglang humila sa kanyang braso. Hinaltak siya niyon patungo sa isang tagong lugar. Namalayan na lang niyang nakasandal siya sa isang pader, face to face with Sean. His strong hand was covering her mouth to refrain her from screaming.

Marahas na inalis ni Dana ang kamay nito mula sa kanyang bibig. Sumilip siya mula sa pinagkublihan sa kanya, abandonado ang parteng iyon ng palengke. Wala kahit isang tao. Mukhang abala naman ang iba pa kaya walang nakapansin sa kanyang pagkawala mula sa grupo niya. Lumampas na rin ang mga ito sa kinaroroonan niya.

Muli niyang hinarap ang lalaki. “What do you want, Mr. Sean Lee Tanjuatco III?” aniya sa sarkastikong tono, nakipagtitigan nang derecho sa binata. Nanginginig ang mga tuhod niya, pero ayaw niyang mahalata nito iyon.

“Matagal mo na bang alam na isa akong Tanjuatco?” Seryoso ang expression na nakalarawan sa mukha ni Sean.

“Kagabi lang... pagkauwi ko galing sa buguac.”

“Pagkatapos mong makipaghalikan sa akin,” nakangising dugtong nito na ikinapula ng mga pisngi niya. Pinilit niyang huwag ipahalata ang pagkaasiwa.

“Correction, you forced me,” pinilit niyang sabihin.

“Yeah, yeah...” he chuckled. “Don’t push me into proving you wrong, Miss Adrianna Echavez, kung ayaw mong gumawa tayo ng eskandalo dito.” He gazed at her lips hungrily. Muling nag-init ang pisngi ng dalaga. “Paano mo nalaman kung sino ako?”

She swallowed the lump in her throat. “Sinabi sa akin ni ’Nang Pacing. ’Yung sumundo sa akin kagabi.”

Tumangu-tango ang binata habang nakatitig pa rin sa mukha niya.

Hindi humihinto sa malakas na pagkabog ang dibdib niya. “Babalik na ako sa grupo. Baka hinahanap na ako ni Kuya.”

“Magkita tayo mamayang gabi sa buguac,” anas nito. Itinaas nito ang isang kamay at marahang

hinaplos ang pisngi niya.

She had to keep herself from pulling his head toward her. “What makes you think na papayag akong makipagkita pa sa ’yo?”

He just flashed a confident smile. Mabilis nitong ninakawan ng halik ang labi niya bago siya iniwan.

Sansaglit na natulala si Dana. Mayamaya, hindi niya napigilan ang sariling mapangiti.

Lumabas siya mula sa pinagkukublian matapos masigurong walang nakakita sa kanila.

“No, Dana. You are not going,” kumbinsi ni Dana sa sarili.

Kanina pa siya palakad-lakad sa kanyang silid. Nagtatalo ang kanyang isip at puso kung makikipagtagpo ba siya kay Sean o hindi.

“Why should I?” malakas niyang kausap sa sarili. “Stupid! Stupid! Bakit pa ba ako nag-iisip? Siyempre, hindi. Hindi ako pupunta, period. Walang rason para pumunta ako. For all I know, baka pinagtitripan lang ako ng Tanjuatco na ’yon!”

Mabuti na lang at soundproof ang silid niya,

kung di ay baka napagkamalan na siyang naloloka ng sinumang makakarinig sa kanya.

Buwisit kasing Sean 'yon! Hindi siya nagkakaganito ngayon kung hindi dahil sa lalaking iyon.

Pasalampak siyang humiga sa malambot na kama. May ilang minuto rin niyang pinag-ukulan ng blangkong titig ang kisame. Naglalaro sa kanyang imahinasyon ang guwapong mukha ni Sean—ang tsinito nitong mga mata na parang laging nangungusap, ang ilong nitong may perpektong tangos at ang maninipis nitong labing minsan na niyang natikman.

Seeing his image in her mind, bigla siyang tumayo at mabilis na lumabas ng silid.

Ingat na ingat ang mga hakbang ni Dana habang pababa ng hagdanan. Ayaw niyang may makapansin sa kanyang pag-alis.

“Wait! Wait! Please put that gun down.” Abot ang takot na takot na boses ng kanyang Kuya Paolo hanggang sa kinatatayuan ng dalaga. Napatda siya at natuon ang kanyang paningin sa bahagyang nakaawang na pinto ng library na nagsisilbing

opisina ng kapatid. Sigurado siyang sa loob niyon nanggagaling ang boses ng kanyang kuya.

Baril? Sino ang kasama ni Paolo sa loob ng library?

“Don’t play games with me, Paolo!” anang tinig ng isang lalaki na tila pamilyar sa kanya.

“I’m not. Please give me a little more time. Magbabayad din ako,” nagmamakaawang sabi ng kanyang kapatid.

Tumawa ang lalaki. “Ilang beses ko na bang narinig ang linya mong ‘yan? Kung di ba naman kasi nag-inarte ‘yung kapatid mo, di nabawasan na sana kahit konti ‘yung utang mo sa akin!”

Napasinghap si Dana sa narinig. Ano ang kinalaman niya sa pinag-uusapan ng dalawang lalaki? At anong utang ang sinasabi ng kausap ng kapatid?

“I’m really sorry about Dana. Hayaan mo, kukumbin—”

“Shut up! Nawalan na ako ng gana d’on sa maarte mong kapatid. Pay me before next week or you’ll eat my bullets!”

“Wait! Hintayin mo munang matapos ang

eleksyon. Pag nasa posisyon na ako ay madali na kitang mababayaran,” pilit na pangangatuwiran ng mayoralty candidate.

“I can’t wait that long. Mag-partial payment ka ng limang milyon next week kung gusto mong abutan ka pa ng eleksyon.”

“Five million! Pero saan—”

Hindi na nagawang tapusin ni Paolo ang sasabihin. Bumukas nang maluwang ang pinto ng library at iniluwa ang isang lalaki.

Nagawang ikubli ni Dana ang sarili sa likod ng malaking vase bago pa man siya makita nito. Mula sa pinagkublihan ay kitang-kita niya ang bisita ng kapatid. It was Elton—ang lalaking naka-date niya last week at muntik nang mang-rape sa kanya. Ito ang nambastos sa kanya noong gabing unang nagkrus ang daan nila ni Sean.

Nakatatlong sticks na ng sigarilyo si Sean. Hindi niya ugaling manigarilyo kaya lang hindi niya maiwasan iyon kapag ganitong tensyonado siya.

Nasa labas ng maliit na cottage sa gilid ng buguac ang binata at dalawang oras nang hinihintay

ang pagdating ni Adrianna—kung darating man ito.

He had never felt this tensed before. Kahit gaano pa kahirap pakibagayan ang mga businessmen na nakakaharap niya, ni minsan ay hindi pa siya kinabahan nang ganito katindi. It was as if his whole life depended on her arrival.

Sinulyapan niya ang kanyang relo; mag-a-alas-diez na ng gabi. Hindi na marahil darating ang dalaga. Napabuntong-hininga siya nang malalim bago pinatay ang hawak na sigarilyo at itinapon iyon.

Akmang aalis na siya nang may marinig na kaluskos sa kanyang likuran. He turned around and there was Adrianna. Kumikislap ang mga mata nito na tinatamaan ng liwanag mula sa ilaw sa loob ng cottage. Something like fear and confusion was written on her face.

Isinara ni Sean ang pinto ng cottage pagkapasok nila. Inilibot ni Dana ang paningin sa loob niyon. Gawa sa kahoy ang kabuuan ng bahay ngunit maayos ang pagkakagawa. Mukhang pinagkagastusan iyon nang husto.

May air-conditioner sa loob, isang maliit

na refrigerator, isang malaking component, at isang bookshelf. Isang pandalawahang kama ang nakapuwesto sa pinakagitna ng cottage. May isa pang pinto na sa hula ng dalaga ay ang bathroom.

“Akala ko hindi ka na darating,” pukaw ng binata sa atensyon niya. Hindi nito naitago ang tuwa sa tinig. “Maupo ka.”

Wala kahit couch man lang sa loob ng silid kaya alam niyang sa kama siya pinauupo nito.

She smelled something like danger. Bakit siya narito? Dahil nga ba kailangan niyang iligtas ang kapatid at ito lang ang puwede niyang gawin para makapag-produce ng five million? O gusto lang talaga niyang makita si Sean?

Hindi siya umupo, pinanood lang niya ang binata habang abala ito sa paghahalungkat ng CD mula sa rack.

“What do you do for a living?”

Tila napatda si Sean sa biglang tanong niyang iyon. Tumigil ito sa paghahalungkat at humarap sa kanya.

“Why?” Hindi siya sumagot, hindi rin inalis ang titig sa lalaki. He shrugged his shoulders. “Business.”

“Gaano ka kayaman?” Natawa lang ang lalaki. Nahihiwagaan yata ito sa mga itinatanong niya. Hindi niya pinahahalata ang nerbyos sa tinig. “Bakit mo ako pinapunta dito?”

He looked at her in a way that made her knees felt weaker. And then he answered huskily, “I just wanted to see you.”

“Y-yun l-lang?” Kinakabahan siyang baka ‘oo’ ang isagot nito.

Kumunot ang noo ni Sean. Nakita nitong naguguluhan siya.

She swallowed hard. “Y-you want me, don’t you?” Pinanatili niyang blangko pa rin ang expression ng kanyang mukha kahit halos mabingi na siya sa lakas ng kabog ng dibdib niya.

She saw how Sean’s Adam’s apple moved. Binigyan siya niyon ng lakas ng loob. “Five million, kaya mo?”

Kumunot ang noo nito. “What are you saying?”

“Kaya mo ba?” ulit niya.

Tumalim ang mga mata nito. “Is that all you’re worth?”

Meant To Be Mine - Kristina Raphaela

Gusto na niyang tumakbo sa tonong ginamit nito. Pakiramdam niya ay iniinsulto na siya nito. She almost winced in pain. Pero pinanatili niyang matatag ang sarili. *It's now or never...*

“Kaya mo ba?” Nagtaas na ng boses si Dana.

His jaw muscles moved in controlled anger. “I can even double it.”

Iyon lang ang hinihintay niya. Walang salitang hinubad niya ang mga damit sa mismong harapan ng binata.